

**PATAKARAN SA PAGPUTOL SA
SERBISYO NG TUBIG SA TIRAHAN
DAHIL SA HINDI PAGBABAYAD**

Ang patakarang ito ay matatagpuan sa online:
www.toaks.org/departments/finance/water-wastewater-billing

Para sa impormasyon tungkol sa mga account ng serbisyo ng tubig sa Lungsod ng Thousand Oaks, o mga ibat-ibang paraan ng pagbabayad, o para sa mga katanungan tungkol sa patakarang ito, mangyaring makipagugnayan sa:

KAGAWARAN NG PANANALAPI SA LUNGSOD NG THOUSAND OAKS (805) 449-2201


Maliban sa mga araw na opisyal, ang mga kawani sa Kagawaran ng Pananalapi sa Lungsod ng Thousand Oaks ay maaaring tawagan o kausapin ng personal sa mga araw at oras ng: Lunes hanggang Huwebes mula alas-7:30 ng umaga hanggang alas-5:00 ng hapon, Pamantayan ng Oras sa Pasipiko (PST)
Biyernes mula alas-8:00 ng umaga hanggang alas-5:00 ng hapon. PST. Ang Pamahalaan ay sarado sa bawat kahaliling Biyernes

1. Layunin:

Ang layunin ng patakarang ito ay upang makapagbigay ng paglilinaw at kaalaman tungkol sa mga hakbang na isinagawa ng mga kawani sa Kagawaran ng Pananalapi sa pagtugon sa mga hindi nababayarang serbisyo ng tubig at iba pang mga sitwasyon na maaaring humantong sa pagkaputol ng tubig sa mga residenteng tumatanggap serbisyo ng tubig mula sa Lungsod ng Thousand Oaks. Ang salitang, "tirahan" ay nangangahulugan ng serbisyo ng tubig sa isang tirahan na kinabibilangan ng mga isang-pamilyang tirahan, maramihang-pamilyang tirahan, mga mobile na tahanan; kabilang ang, ngunit hindi ito limitado sa mga mobile na tahanan sa mga parke ng mobile na tahanan o pabahay para sa mga manggagawa sa bukid.

2. Mga Paunawa:

Ang Lungsod ng Thousand Oaks ay nagpapadala ng paunawa ng singil ng serbisyo sa tubig tuwing ikalawang buwan. Ang mga araw ay dapat tukuyin bilang mga araw ng kalendaryo. Ipinapakita sa ibaba, sa isang sulyap, ang mga pinapadalang paunawa para sa pagsingil sa serbisyo ng tubig sa tirahan at ang mga hakbang na maaaring mangyari sa hindi pagbabayad:



3. Pagsingil at Mga Takdang Petsa:

a) Ang mga bayarin para sa serbisyo ng tubig sa Lungsod ay dapat mabayaran kaagad sa sandaling ito ay matanggap. Ang mga paunawa ng singil para sa serbisyo ay nililikha tuwing himigit-kumulang animnapung (60) araw. Para sa mga katanungan tungkol sa paunawa ng singil at bayarin, o upang talakayin ang mga paraan para hindi maputol ang serbisyo ng tubig sa hindi pagbabayad sa ilalim ng mga alituntunin ng patakarang ito, mangyaring tumawag sa kawani ng Kagawaran ng Pananalapi sa Lungsod ng Thousand Oaks sa (805) 449-2201.

b) Lahat ng paunawa ng singil sa serbisyo ng tubig, maliban sa mga nasasakop sa ilalim ng "Sari-saring Paggamit", ay dapat mabayaran sa takdang petsa. Ang nasabing mga bayarin ay magiging delingkwente at mapapatawan ng multa ayon sa itinakda ng aksyon ng Konseho kung hindi nababayaran nang buo bago sumapit ang apatnapung (40) araw pagkaraan ng petsa ng pagpapadala ng paunawas ng singil. Ang mga liham ng paalala ay ipapadala sa koreo sa mga kustomer na hindi nakabayad sa loob ng tatlung (30) araw upang payuhan na maliban kung ang natitirang bayarin ay mabayaran sa, o bago sumapit ang, karagdagang sampung (10) araw, ang account ng kustomer ay mapapatawan ng multa at mapapasailalim sa pagputol ng serbisyo kung hindi mababayaran ng buo sa loob ng animnapung (60) araw mula sa takdang petsa na nakasaad sa paunawa ng bayarin. Maaari lamang tanggapin ang kabayaran ng mga kawani ng Kagawaran sa Pananalapi ng Lungsod ng Thousand Oaks at hindi maaaring ibigay o tanggapin ng mga Kagawaran na ang trabaho ay sa labas ng Munisipyo.

4. **Mga Delingkwentong Account:**

Ang mga account na delingkwento ay tinutukoy bilang isang account na nananatiling hindi nababayaran (at walang paraang ginawa sa pagsasaayos ng pagbabayad o nagsagawa ng ibang pamamaraan ng pagbabayad) kung ang bayad ay hindi natanggap ng Lungsod ng Thousand Oaks sa loob ng tatlung (30) araw mula sa petsa ng pagpadala ng paunawa ng singil na nakasaad sa unang pahina ng paunawa ng singil bago magsarado ang opisina ng Kagawaran ng Pananalapi. Ang serbisyo ng tubig ay maaaring napapasailalim sa pagputol kung hindi mabayaran nang buo sa loob ng animnapung (60) araw ng kalendaryo ng takdang petsa na nakasaad sa unang pahina ng bayarin bago magsarado ang opisina.

5. **Multa (Mga Singil):**

Ang multa na sampung porsyento (10%) ay idadagdag sa kabuuang balanse na hindi nabayaran sa loob ng apatnapung (40) araw pagkaraan ng petsa na nakasaad sa unang pahina ng paunawa ng singil. Ang isa pang karagdagang multa sa hindi pagbabayad sa takdang petsa ay kalahating porsyento (0.5%) ng balanse at pangunahing multa bawat buwan, o maliit na bahagi nito, pag ang singil sa serbisyo at pangunahing singil sa multa mula sa nakaraang buwan ay nananatiling hindi nababayaran.

6. **Patawad sa Pagpataw ng Multa:**

Sa kahilingan ng kustomer, ang Lungsod ay maaaring mapatawad ang pagpataw ng multa sa hindi pagbabayad ng tubig kung ang kustomer ay hindi pa nakakatanggap ng patawad sa pagpataw ng multa sa nakaraang labing-dalawang (12) buwan.

7. **Karagdagang Paunawa (Liham ng Paalala):**

Kapag ang isang account ay naging delingkwente, bilang isang kagandahang-loob, ang Lungsod ay gagawa ng isang makatuwiran hakbang na pagsikapang maabisuhan ang mga kustomer na may mga account na nananatiling hindi nababayaran at ang karagdagang aksyon sa koleksyon na mangyayari sa humigit-kumulang animnapung (60) araw pagkatapos ng itinakdang petsa ng pagbabayad. Ang pagbibigay ng paunawa ay sa pamamagitan ng koreo sa USPS. Ang Lungsod ay walang pananagutan kung ang customer ay hindi napapanatili ang kasalukuyang inpormasyon.

8. **Nakasulat na Paunawa ng Pagputol (Pangwakas na Liham ng Paalala):**

Pagputol sa Serbisyo ng Tubig sa Tirahan
Pahina 3 ng 6

Ang Lungsod ay hindi magpuputol ng serbisyo ng tubig hanggang ang kustomer ay delingkwente sa hindi kumulang sa animnapung (60) araw mula sa petsa na nakatakda sa paunawa ng singil. Ang sinumang kustomer sa tirahan na may bayarin na delingkwente ng apatnapung (40) araw o humigit pa, ay padadalhan ng paunawa na nagpapahayag na ang bayarin sa singil na hindi mababayaran sa loob ng animnapung (60) araw mula sa takdang petsa na nakalaad sa unang pahina ng paunawa ng singil ay magsasanhi ng pagkaputol ng serbisyo ng tubig at ang nakaraang buong balanse na hindi nabayaran ay dapat mabayaran bago maibalik ang serbisyo ng tubig. Ang pangwakas na paunawa sa pagputol ng serbisyo ay ipapadala sa koreo sa padalahan ng sulat na nakatalaga sa account. Kung ang padalahan ng sulat at kung ang saan ang tirahan ay magkaiba, isang ikalawang pangwakas na paunawa ang ipapadala sa tirahan na may serbisyo at ipapadala sa "naninirahan". Ang sulat na paunawa sa pagputol ng serbisyo ay may:

- a) Pangalan ng kustomer at kung saan ang tirahan
- b) Halaga na hindi pa nababayaran
- c) Petsa ng bayarin kung kalian dapat bayaran o kung kalian maaaring makakuha ng kaayusan ng pagbabayad upang maiwasan ang pagkaputol ng serbisyo
- d) Proseso para makakuha ng palugit o plano ng pagbabayad
- e) Proseso para ipagtalo o umapela sa bayarin
- f) Numero ng telepono ng Lungsod

Kung ang paunawa ng pagputol ng tubig ay bumalik sa Lungsod ng Thousand Oaks sa kadahilanan na hindi ito maihatid ng USPS, ang Lungsod ay gagawa ng isang makatuwirang hakbang na pagsikapang makausap ang kustomer sa paraan ng pagtawag sa telepono. Ang Lungsod ay maaaring magbigay ng paunawa ng pagputol sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono o sa personal kung kinakailangan o pangmadaliang mga sitwasyon.

9. Nakasulat na Paunawa ng Pagputol (Pangwakas na Tag sa Pinto):

Ang sinumang kustomer sa tirahan na may bayarin na delingkwento ng limampung (50) araw o humigit pa, ay makakatanggap ng paalala sa pamamagitan ng isang paunawa na isinasabit sa pinto ng tirahan, na may impormasyon ng halaga na hindi nabayaran sa loob ng animnapung (60) araw mula sa takdang petsa ay magsasanhi ng pagkaputol ng serbisyo ng tubig, at ang kabouang balanse na hindi nabayaran ay dapat bayaran bago ipanumbalik ang serbisyo ng tubig. Alinsunod sa Listahan ng Bayad ng Lungsod, ang bayad na tatlumpu't pitong dolyar (\$37) para sa Huling Paunawa na Isinasabit sa Pinto ng Tahanan.

10. Mga Itinakdang Petsa sa Pagbabayad:

Lahat ng delingkwenteng bayarin para sa serbisyo ng tubig at mga kaugnayang singil ay kailangang matanggap ng Lungsod bago mag alas-5:00 ng hapon PST sa petsa na nakasulat sa paunawa ng pagputol ng serbisyo ng tubig.

11. Ipinagpaliban sa Pagbabayad (Palugit sa Pagbabayad)

Ang kustomer na walang kakayahang magbayad para sa serbisyo ng tubig sa loob ng takdang petsa ng pagbabayad ay maaaring humiling ng palugit sa pagbabayad para maiwasan ang pagkaputol ng serbisyo. Maaaring maibigay ang karagdagang dalawang (2) linggo na palugit. Ang multa sa hindi pagbabayad sa takdang petsa ay madadagdag.

12. Kahaliling Paraan ng Pagbabayad (Plano ng Pagbabayad):

Pagputol sa Serbisyo ng Tubig sa Tirahan
Pahina 4 ng 6

Ang kustomer ay maaaring humiling na bayaran ang mga halaga ng bayarin sa pamamagitan ng isang plano ng paunti-unting pagbabayad. Lahat ng mga plano ng pagbabayad ay nararapat na may kasulatan at aprobado ng Tagapangasiwa ng Operasyon ng Kita, o ng itinalaga nito.

Ang mga plano sa pagbabayad para sa delingkwenteng balanse ay maaari lamang magamit ng mga kustomer na nakatugon sa mga pamantayan (Item 20. Mga Eksempsyon). Ang mga plano sa pagbabayad ay maari lamang igawad ng isang beses kada labindalawang (12) buwan at ang pagbabayad ng delingkwenteng balanse ay hindi dapat lumagpas ng labindalawang buwan. Lahat ng mga bayarin sa hinaharap ay nararapat na bayaran sa takdang petsa. Ang hindi pagsunod sa mga tuntunin ng pagpapaliban ng pagbabayad sa takdang petsa ay magreresulta ng pagbibigay ng isang paunawa ng pagputol. Ang paunawa sa pagputol ay matatanggap sa pamamagitan ng isang paunawa na isinasabit sa pinto ng tirahan hindi kukulangin sa limang (5) araw.

13. Kakulangan sa Kabayaran:

Alinsunod sa mga tuntunin sa patakarang ito, ang kakulangan sa pagbayad sa isang bayarin sa tubig ay ituturing na delingkwente at maipasailalim sa pagputol ng serbisyo ng tubig. Sa lahat ng mga pagkakataon, ang kakulangan sa pagbabayad o hindi pagbabayad ay mapapatawan ng multa.

14. Mga Bayad na Bumalik:

Isasaalang-alang ng Lungsod na delingkwente ang account kung ang bayad ay bumalik. Ang Lungsod ay gagawa ng paraan na maabisuhan ang kustomer sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono o pagpapadala ng paunawa sa koreo. Sa kaganapan na ang bayad na bumalik, na kung saan ang kustomer ay naging karapat-dapat na maputulan ng serbisyo, ang paunawa sa pagputol ay matatanggap sa pamamagitan ng isang paunawa na isasabit sa pinto ng tirahan na magbibigay ng apatnapu't walong (48) oras bago maputol ang serbisyo ng tubig. Ang serbisyo ng tubig ay puputulin kung ang halaga ng bayad na bumalik ay hindi nabayaran sa takda or bago sumapit ang petsa na tinutukoy sa paunawa ng pagputol ng serbisyo. Alinsunod sa Listahan ng Bayad ng Lungsod para sa bayad na bumalik ay idaragdag sa account ng customer. Kung ang bayad ng kustomer para mapanumbalik ang serbisyo ay bumalik, ang serbisyo ay mapuputol muli. Para maibalik ang serbisyo ng tubig, kailangang bayaran ito ng pera o kredito lamang.

15. Pagputol ng Serbisyo ng Tubig dahil sa Hindi Pagbabayad:

Puputulin ng Lungsod ang serbisyo ng tubig sa pamamagitan ng pagdiskonekta at sa karamihang pagkakataon ay ang pagkandado ng metro. Kung ang kawani ng Lungsod ay ipinadala para sa isang pagpuputol ng serbisyo ng tubig, ang kustomer ay maaaring singilin ng bayad kahit na ang serbisyo ng tubig ay hindi naputol o ang metro ay hindi naikandado. Ang mga kawani na ipinadala para magputol ng serbisyo ng tubig ay hindi pinapahintulutan na kumulekta ng bayad ngunit sasabihan ang kustomer na makipagugnayan sa Kagawaran ng Pananalapi ng Lungsod ng Thousand Oaks sa (805)449-2201.

16. Panumbalik ng Serbisyo sa mga Oras ng Opisina ng Munisipyo:

Para maipanumbalik o maipapagtuloy ang serbisyo ng tubig na naputol dahil sa hindi pagbabayad, ang kustomer ay kinakailangang bayaran ang lahat ng mga nakaraang takdang halaga at mga multa sa pagiging delingkwente na nagging dahilan ng pagkaputol ng serbisyo ng tubig. Ang lahat ng karagdagang singil ay dapat na mabayaran bago maibalik ang serbisyo.

Pagputol sa Serbisyo ng Tubig sa Tirahan
Pahina 5 ng 6

Alinsunod sa Listahan ng Bayad ng Lungsod, ang singil para sa pagputol at pagtatatag ng serbisyo ay ipapataw. Maliban sa mga araw na opisyal, ang oras ng Munisipyo ay Lunes hanggang Huwebes mula alas-7:30 ng umaga hanggang alas-5:00 ng hapon (Pamantayan ng Oras sa Pasipiko) at bawat kahaliling Biyernes mula alas-8:00 ng umaga hanggang alas-5:00 ng hapon (Pamantayan ng Oras sa Pasipiko). Ang serbisyo ng tubig na binuksan ng sinumang tao maliban sa mga tauhan ng Lungsod o nang walang pahintulot ay sasailalim sa multa o karagdangang mga singil o bayad.

17. Muling Panumalik ng Serbisyo sa mga Oras na Sarado ang Munisipyo:

Ang serbisyo na ipinanumbalik sa oras na sarado ang Munisipyo; katulad ng bawat kahaliling Biyernes, Sabado o Linggo, o araw na opisyal, ay may karagdangang singil alinsunod sa Listahan ng Bayad ng Lungsod. Ang kawani na tutugon sa mga tawag ng kahilingan na ipanumbalik ang serbisyo, ay hindi pinahihintulutan na tumanggap ng bayad ngunit nararapat na ipaalam sa kustomer na makipag-ugnayan sa Kagawaran ng Pananalapi ng Lungsod ng Thousand Oaks bago mag alas dose ng 12:00 ng hapon sa susunod na araw na me opisina sa Munisipyo.

18. Paunawa mga Nangungupahan / mga Naninirahan sa Tirahan:

Hindi bababa sa sampung (10) araw bago putulin ang serbisyo ng tubig, ang Lungsod ay gagawa ng paraan at sisikaping ipaalam sa mga naninirahan sa pamamagitan ng paunawa na isinasabit sa pinto ng tirahan, kung kailan ang account ng serbisyo ng tubig ay magiging delingkwente at mapapasailalim sa pagputol ng serbisyo ng tubig. Ang paunawa ay may impormasyon para sa mga nangungupahan / naninirahan na sila ay may karapatang maging isang kustomer sa Lungsod na hindi nangangailangang bayaran ang halagang dapat bayaran sa delingkwenteng account at kung sumasang-ayon sila sa mga tuntunin at patakaran at handang akuin ang responsibilidad ng pagbabayad ng mga susunod na bayarin para sa serbisyo ng tubig sa tirahan. Upang mawalan ng katungkulan sa pagbabayad ng delingkwenteng halaga na dapat bayaran ng may ari ng tahanan, tagapamahala o ahente ng may ari ng tahanan, ang bagong nangungupahan / naninirahan ay dapat magbigay ng patunay ng pangungupahan.

19. Mga Pagsusuri ng Bayarin / Mga Pagtangga / Mga Apela / Mga Pagsasaayos:

Ang isang kustomer ng serbisyo ng tubig na may reklamo o katanungan tungkol sa kanilang bayarin ay dapat magkaroon ng pagkakataon na suriin ito kasama ang mga kinatawan ng Kagawaran ng Pamublikong Gawain o Kagawaran ng Pananalapi. Kung nais ng isang kustomer na umapela, tanggihan, o humiling ng isang pagsusuri o pagsasaayos ng account sa tubig, ang kahilingan ay dapat gawin bago ang sumapit ang petsa na nakailalim sa pagputol ang serbisyo at magsumite ng kasulatan sa Kagawaran ng Pananalapi ng Lungsod sa UtilityBill@toaks.org (email) o ipadala nang direkta sa Kagawaran ng Pananalapi ng Lungsod ng Thousand Oaks. 2100 E. Thousand Oaks Blvd. Thousand Oaks, CA. 91362. Ang Lungsod ay hindi magpuputol ng serbisyo ng tubig habang ang kahilingin sa pagsasaayos ay nasailalim ng pagsusuri.

20. Mga Iksemsyon:

Ang Lungson ay hindi magpuputol ng serbisyo ng tubig sa tirahan dahil sa hindi pagbabayad kung ang lahat ng mga sumusunod na mga kondisyon ay matutugunan:

(1) Ang kustomer o ang nangungupahan sa kustomer ay nagpasa sa Lungsod ng isang pagpapatunay mula sa isang pangunahing tagapagbigay ng pangangalaga, na ipinapaliwang

Pagputol sa Serbisyo ng Tubig sa Tirahan
Pahina 6 ng 6

sa talata (A) ng talata (1) ng tinutukoy ang terminong ito sa subparagraph (A) ng talata (1) ng subdibisyon (b) ng Seksyon 14088 ng Kapakanan at Institusyon Welfare and Institution Institutions Code, na ang pagputol sa serbisyo ng tubig sa tirahan ay magiging banta sa buhay o magdudulot ng isang malubhang banta sa kalusugan at kaligtasan ng isang naninirahan sa tahanan kung saan may serbisyo ng tubig.

(2) Ipinakita ng kustomer na wala siyang kakayahang magbayad ng serbisyo ng tubig sa tirahan tuwing ang singil ay nakatakdang bayaran ayun sa sistema ng pagbabayad ng tubig sa Lungsod. Ang kustomer ay maituturing na walang kakayahang magbayad para sa serbisyo ng tubig sa tirahan tuwing ang singil ay nakatakdang bayaran ayun sa Sistema ng pagbabayad ng tubig sa Lungsod kung ang sinumang miyembro ng sambahayan ng kustomer ay kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, kita mula sa Karagdagang Seguridad / Program ng Estado para Karagdagang Pagbabayad, o Programa ng California Espesyal para sa Karagdagang Nutrisyon para sa Kababaihan, mga Sanggol, at mga Bata, o ipinahayag ng kustomer na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa dalawang daang (200) porsiyento ayun pederal antas ng kahirapan.

(3) Ang kustomer ay umaayon sa isang kahaliling pagbabayad o plano para sa pagpapaliban ng pagbabayad ng lahat ng mga delingkwenteng singil.

Kung matutugunan ang mga kundisyon na nakalista, ang Lungsod ay magbibigay sa kustomer ng isa o higit pa sa sumusunod na mga pagpipilian:

- a) Pansamantalang pagpapaliban ng pagbabayad (Tingnan ang Pahina 4, Seksyon 12)
- b) Pakikilahok sa isang kahaliling pagbabayad (Tingnan ang Pahina 4, Seksyon 13)

21. Emerhensiyang Serbisyo sa Tubig:

Para sa mga hindi inaakalang pangyayari na nagaganap sa hindi oras ng trabaho, mangyaring tawagan ang Sentro ng Serbisyo ng Lungsod ng Thousand Oaks sa (805) 449-2499.

22. Mga Sanggunian:

- a) Number 998 ng Panukalang Batas sa Senado: Pagputol sa Serbisyo ng Tubig sa Tirahan
- b) Mga Seksyon n60370-60375.5 ng Code ng Pamahalaan ng California
- c) Artikulo 9 ng Municipal Code ng Thousand Oaks (TOMC). Pagsingil at Pagbabayad

* Ang lahat ng singil ay sasailalim sa pagsusuri at mababago ayon sa aksyon ng Konseho ng Lungsod

PATAKARAN PARA SA PAGPUTOL SA SERBISYO NG TUBIG SA TIRAHAN DAHIL SA HINDI PAGBABAYAD		Lungsod ng Thousand Oaks KAGAWARAN NG PANANALAPI – SERBISYO SA PANLIPUNAN	
Pahina 6 ng 6	Pebrero 2020 Revised Sept 2021	Jaime Boscarino Direktor ng Pananalapi	